Sunshine Coast Council — Our region. Healthy. Smart. Creative.

Welcome
Multicultural Welcome Hub

INFORMATION SHEET

# Pagparada at pagmaneho ng sasakyan

Ang Sunshine Coast ay isang tanyag na destinasyon na umaakit sa mga bisita at mga lokal na residente sa lugar.

Nakalagay ang mga regulasyon sa pagpaparada at pagmamaneho para sa kaligtasan ng kapwa mga motorista at mga taong naglalakad. May inilalagay na karatula upang tulungan ang mga motorista na sumunod sa mga regulasyon.

## Mga linyang dilaw sa gilid

Ang dilaw na linya sa gilid ng kalsada ay nangangahulugang hindi pinapahintulutan ang anumang paghinto sa bahaging iyon ng kalsada.

## Bawal huminto

Ang mga senyas na "No stopping (Bawal huminto)" ay nakapaskil sa mga poste at mga marka sa kalsada. Ang drayber ay hindi dapat huminto sa anumang bahagi ng kalsada na may nakalagay na "No Stopping".

Ang mga bahaging "No Stopping" ay para sa kaligtasan ng mga motorista at mga taong naglalakad. Tumutulong rin ito upang maging madali ang daloy ng trapiko.

## Bawal pumarada

Ang mga senyas na "No parking (Bawal pumarada)" ay nangangahulugang maaari mong ihinto ang iyong sasakyan sa lugar na ito nang hanggang sa dalawang minuto lamang. Ang drayber ay dapat manatili sa behikulo habang pinapasakay at pinapababa ang mga pasahero.

## Mga loading zone

May dalawang uri ng mga loading zone.

### *Para sa mga komersyal na behikulo lamang*

Maaari lang gamitin ng mga behikulo na ang pangunahing papel ay ang pagdadala ng mga kalakal (halimbawa, mga pick-up na sasakyan, van, at trak). Magpapahiwatig ang senyas kung ang loading zone ay para lamang sa paggamit ng mga komersyal na behikulo.

### *Walang tinutukoy*

Ang mga loading zone na ito ay maaaring gamitin nang hanggang 30 minuto para sa pagkakarga at diskarga ng mga kalakal. Ang zone na ito ay may limitasyon din ng dalawang minuto para sa pagsasakay at pagbababa ng mga pasahero.

## Pagpaparadang may metro o limitado sa oras

Ang pagpaparada na limitado sa oras ay ipinapahiwatig gamit ang isang senyas na nagsasabi kung gaano katagal kang pinapahintulutang pumarada. Halimbawa, ang 2P ay nangangahulugang pinapahintulutan kang magparada nang 2 oras.

**Tandaan: Kung ang letrang P ay mag-isa lang, walang limitasyon sa oras.*

## Pagpaparada ng may kapansanan

Ang lugar-paradahan na ito ay para sa mga taong may kapansanan lamang. Ang mga behikulong nakaparada sa mga lugar na ito ay dapat magpakita ng kasalukuyang permit sa pagparada para sa mga taong may kapansanan.

Ang drayber ay dapat alinman sa taong may-hawak ng permit o pinaparada ang behikulo para sa isang pasahero na may kapansanan at may-hawak na kasalukuyang permit.

May dalawang uri ng mga Permit sa May Kapansanan.

### *Asul na permit sa may kapansanan*

- Pinapahintulutang magparada nang libre sa mga may metro at regulated na lugar kung saan ang limitasyon sa oras ay higit sa 30 minuto.
- Pinapahintulutang magparada sa mga bay para sa pagparada ng may kapansanan. Kabilang ang mga bay na malapit sa mga ospital o mga shopping center.

### *Pulang permit sa may kapansanan*

- Pinapahintulutang magparada sa mga bay para sa pagparada ng may kapansanan na nasa mga lokasyong malayo sa kalsada.

Queensland Government

Ang impormasyon tungkol sa mga permit sa pagparada ng may kapansanan ay makukuha sa Department of Social Services.

https://www.dss.gov.au/disability-and-carers

### Mga bus zone

- Ang drayber ay hindi dapat huminto sa bus zone.
- Ang drayber ay hindi dapat huminto sa loob ng 20 metro bago ang senyas ng hintuan ng bus (bus stop).
- Ang drayber ay hindi dapat huminto sa loob ng 10 metro pagkatapos ang senyas ng hintuan ng bus.

### Mga school zone

Kapag bumibiyahe malapit sa mga school zone, dapat maging mulat sa mga regulasyon sa pagpaparada at pagmamaneho.

Ang mga school zone ay nagpapaskil ng mga senyas na nagsasaad sa bilis na maaaring kang magpatakbo ng sasakyan, at kung saan ka paparada. Halimbawa, ang ilang senyas ay nagsasaad ng "Pick up (Pagpapasakay) at "Drop off (Pagpapababa)" lamang. Dapat bigyang-pansin ng mga drayber ang mga senyas na ito.

### Pagpaparada sa daanan ng tao (footpath)

Ang drayber ay hindi dapat pumarada o humarang sa mga daanan ng behikulo o mga taong naglalakad sa mga sumusunod na lugar:

- Mga daanan ng tao
- Median strip
- Painted island
- Daanan ng bisekleta.

### Kotse na "For Sale (Ibinibenta)"

Hindi dapat iparada o i-anunsiyo ng isang tao ang behikulong ibinibenta niya sa lupang pagmamay-ari ng Konseho.

### Pagpaparada sa isang reserve o parke

Hindi dapat magdala o magmaneho ng de-motor na behikulo ang isang tao sa loob ng isang parke o reserve, maliban kung may mga nakalagay na senyas na nagsasaad na pinapahintulutan ito.

### Mga lugar na pinagbabawalang magparada

Kailangan mong mapanatili ang ligtas na distansya kapag pinaparada ang iyong sasakyan malapit sa mga lugar na nasa ibaba.

- Mga mail box o buson
- Mga hintuan ng bus
- Mga Centre line

## Para sa karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa lokal na pagpaparada, mangyaring bisitahin ang aming website.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga panuntunan at batas sa kalsada ng Queensland, mangyaring bumisita sa: www.tmr.qld.gov.au

## Multicultural Welcome Hub

Alamin kung saan ka makakakuha ng suporta, paano ka makakakilala ng ibang tao at galugarin ang iyong bagong komunidad. Makinig sa mga kuwento ng iba pang migrante.

www.sunshinecoast.qld.gov.au/multicultural

## Kailangan mo ba ng tulong sa wika?

Kung nahihirapan ka sa pagsasalita o pag-uunawa ng wikang Ingles, maaari mong tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS, Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-interpret) sa 131 450 at humiling na ipasa sa Sunshine Coast Council sa 5475 7272.

## Pagsasalin ng online na impormasyon

Maaari mong gamitin ang Google Chrome upang isalin ang mga webpage sa ibang wika. Sundin ang mga hakbang na ito upang i-activate ang kakanyahang ito:

- Sa iyong computer, buksan ang Chrome.
- Sa itaas na kanang bahagi, i-klik ang More Settings.
- Sa ibaba, i-klik ang Advanced.
- Sa ilalim ng “Languages”, i-klik ang Language.
- I-tsek o tanggalin ang tsek sa "Offer to translate pages that aren't in a language your read (Mag-alok na isalin ang mga pahina na hindi nakasulat sa wikang nababasa mo)."

Kasalukuyan hanggang nitong Agosto 2019

**Sunshine Coast Council**
**www.sunshinecoast.qld.gov.au**
mail@sunshinecoast.qld.gov.au
**T** 07 5475 7272 **F** 07 5475 7277
Locked Bag 72 Sunshine Coast Mail Centre Qld 4560